# SETTLEMENT SA FIXING NG PRESYO NG MANOK AT TUNA

Naghain ang Tanggapan ng Attorney General ng Estado ng Washington ng mga kaso laban sa mahigit sa 20 kumpanyang gumagawa at nagbebenta ng manok at de-latang tuna. Palihim na nagkasundo ang mga kumpanyang ito na taasan ang mga presyo para sa mga nasabing produkto na labag sa mga batas ng estado at pederal na nagsusulong ng kumpetisyon sa marketplace at nagpapanatili sa mga presyo na mababa para sa mga consumer. Dahil sa ilegal na aktibidad ng mga kumpanyang ito, mas malaki kaysa sa nararapat ang binayaran mo para sa manok at de-latang tuna.

Nalutas na ang karamihan sa aming mga kaso at mahigit $40 milyon ang dapat bayaran ng mga kumpanyang ito sa aking tanggapan. Ibabalik ng Tanggapan ng Attorney General ang lahat ng pondong ito sa mga consumer na nakakatugon sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado. Para maging kwalipikado, nakatira dapat sa Washington ang mga consumer at hindi dapat hihigit ang kita ng sambahayan ng consumer sa 175% ng antas ng kahirapan ayon sa pederal. Idinisenyo ang mga kinakailangang ito sa pagiging kwalipikado para matiyak na mapupunta ang perang ito sa mga Washingtonian na pinakanaapektuhan ng ilegal na gawi ng mga kumpanya. Makakatanggap ang mga sambahayang may iisang miyembro ng tseke para sa refund na nagkakahalaga ng $50. Makakatanggap ang mga sambahayang may dalawang miyembro o higit pa ng tseke para sa refund na nagkakahalaga ng $120. Sinimulan na naming ipadala ang mga tsekeng ito noong Disyembre 5, 2023. Maghintay nang 7-14 na araw para dumating ang mga tseke sa patutunguhan ng mga ito.

# FORM PARA SA CLAIM

Kung hindi nakatanggap ng bayad ang iyong sambahayan at sa palagay mo ay nakatanggap dapat ito, **sagutan ang form sa ibaba o pumunta sa www.RefundCheck.atg.wa.gov para sumagot ng electronic na bersyon ng Form para sa Claim sa o bago lumipas ang Hunyo 5, 2024**. Kung matutukoy na kwalipikado kang makatanggap ng bayad, magpapadala ng tseke sa address na ibibigay mo sa ibaba. Maghintay habang natatanggap at pinoproseso ang mga claim. Kung mayroon kang anumang tanong, tumawag sa 866-601-1516 o magpadala ng email sa refundcheck@atg.wa.gov.

---

1. Nakatanggap ka na ba o ang isang miyembro ng sambahayan ng tseke para sa refund mula sa Tanggapan ng Attorney General ng Estado ng Washington?

   **Oo** ☐ **Hindi** ☐

2. Kasalukuyan ka bang nakatira sa Estado ng Washington?

   **Oo** ☐ **Hindi** ☐

3. Ilang tao ang kasalukuyang nakatira sa iyong sambahayan (kasama ang iyong sarili)?

   ☐☐

4. Isaad ang kasalukuyang taunang kita ng iyong sambahayan. Kasama sa taunang kita ng sambahayan ang kita mula sa lahat ng miyembro ng iyong sambahayan, at kasama rito ang sahod, kabayaran para sa pagkawala ng trabaho at kabayaran sa mga manggagawa, social security, bayad para sa may kapansanan at mga beterano, benepisyo sa mga survivor, at pensyon o kita sa pagreretiro.

   ☐☐☐☐☐☐☐☐☐☐

(ipinagpatuloy sa pahina 2)

# IMPORMASYON NG CLAIMANT

**Pangalan**

**Apelyido**

**Address 1 (pangalan at numero ng kalye)**

**Address 2 (apartment, unit, o box number)**

**Lungsod** **Estado** **ZIP Code**

**Email Address**

# SERTIPIKASYON AT LAGDA

Sa paglagda sa ibaba, inihahayag ko, sa ilalim ng parusang perjury alinsunod sa mga batas ng estado ng Washington, na:

1. Nauunawaan ko na ang Form para sa Claim na ito at ang lahat ng komunikasyon sa Tanggapan ng Attorney General ng Estado ng Washington ay magiging pampublikong talaan sa ilalim ng batas ng estado, at puwedeng ihayag ang mga pampublikong talaan kapag hiniling.

2. Inihahayag ko, sa ilalim ng parusang perjury alinsunod sa mga batas ng Estado ng Washington, na totoo at tama ang impormasyong nakasaad sa Form para sa Claim na ito.

**Lagda ng Claimant**

**MM** **DD** **YY**

Kapag nakumpleto na, gumawa ng kopya ng Form para sa Claim na ito para may magamit kang sanggunian at pagkatapos ay ipadala ang form para sa claim na ito, nang **may postmark, sa o bago lumipas ang Hunyo 5, 2024**, sa:

*Settlement sa Fixing ng Presyo ng Manok at Tuna*
ATTN: CLAIM
P.O. Box 91485
Seattle, WA 98111



**QUESTIONS? CALL 866-601-1516 TOLL FREE OR VISIT WWW.REFUNDCHECK.ATG.WA.GOV**